8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 1: Linggo 6**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Rizza Capangyarihan Cortez (Pasay City West High School)
- Norvin C. Aquerido (Emilio Jacinto National High School)

**Tagasuri:**
- Ma.Victoria Culminas-Colis,Phd (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**ARALING PANLIPUNAN / IKALAWANG KUWARTER / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng mungkahing solusyon sa mga napapanahong isyung may kaugnayan sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | A. Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng Rebolusyong Pranses at pagtatag ng mga bansang estado.<br>1. Natatalakay ang mga pangyayari na nagpasiklab sa Rebolusyong Pranses .<br>2.Nasusuri ang naging kaugnayan ng pagtatag ng mga bansang estado sa Europa sa naganap na Rebolusyong Pranses.<br>3.Nahihinuha ang implikasyon ng naganap na Rebolusyong Pranses sa larangan ng pulitika at sosyo-ekonomiko ng mga bansang estado. |
| **C. Nilalaman** | Rebolusyong Pranses at Pag-usbong ng mga Bansang Estado<br>1. Pag-usbong ng mga bansang estado<br>2. French Revolution |
| **D. Integrasyon** | Tao, Lipunan, at Kapaligiran (People, Society, and Environment)<br>Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago (Time, Continuity, and Change)<br>Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa (Culture, Identity, and Nationhood) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| *Divine right of kings \| Definition, History, & Facts*. (1998, July 20). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/divine-right-of-kings<br>Kostiner, J. (2024, April 13). *Monarchy \| Definition, Examples, & Facts*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/monarchy<br>*History of Europe \| Summary, Wars, Map, Ideas, & Colonialism*. (2024, March 5). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/history-of-Europe/Nation-states-and-dynastic-rivalries |

*French Revolution | History, Summary, Timeline, Causes, & Facts*. (2024, April 19). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/French-Revolution
Godechot, J. (2024, April 23). *Napoleon I | Biography, Achievements, & Facts*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/biography/Napoleon-I
Mga Larawan
https://amazingworlds2.blogspot.com/2015/11/top-10-breathtaking-castles-around-world.html
https://www.clipartbest.com/cartoon-crown-images
Video
Ang Kasaysayan ng Rebolusyong Pranses. https://www.youtube.com/watch?v=X7iRo8DXd-k

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-aral (WHO SAYS!)**<br>Ang mga mag-aaral ay tutukuyin kung sinong tao ang nagsabi ng mga sumusunod na kataga. Matapos ay magkakaroon ng talakayan tungkol sa nakaraang aralin.<br><br>John Locke    Jean Jacques Rousseau    Baron de Montesquieu<br>Benjamin Franklin    George Washington    Thomas Jefferson<br><br>_____________1. “Man is born free and everywhere he is shackles”<br>_____________2. “There is no liberty if the judiciary powers be not separated from the legislative and executive”<br>_____________3. “No one ought to harm another in his life, health, liberty or possessions.”<br>______________4. “We hold these truths to be self-evident; that all men are created equal”<br>______________5. “The constitution is the guide which I never will abandon” | Inaasahang sagot:<br>1, Jean Jacques Rousseau<br>2. Baron de Montesquieu<br>3. John Locke<br>4. Thomas Jefferson<br>5. George Washington |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin (SURI-AWIT)**<br>Magpapanood sa klase ng isang awitin mula sa pelikulang ng “Les Miserables” | Maari magkaiba ang mga sagot ng mga mag-aaral batay sa pagkakaunawa nila sa napanood na video. Bago ito |

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=1q82twrdr0U

Matapos mapakinggan ang awiting pinamagatang "Do you hear the people sing" ay tatanungin ang klase kung ano ang naramdaman nila sa awitin na kanilang napakinggan. Matapos ay iproproseso ang napanood gamit ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Batay sa video, ano ang nangyari kaya nila inawit ang "Do you hear the people sing"?
2. Bakit kaya nagkakaroon ng mga ganitong pagkilos sa video?
3. Ano ang maari maging resulta ng aksyon na ginawa ng mga tao sa video, makakamit kaya nila ang kanilang nais?

**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin (WORD HUNT)**

Ang mga mag-aaral ay hahanapin ang 6 na sumusunod na salita sa word hunt. Gamitin ang mga binigay na clue para magkaroon ng ideya ang mga mag-aaral sa mga hahanapin na salita.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | D | T | N | E | M | N | E | T | H | G | I | L | N | E |
| D | P | N | Y | B | E | V | X | S | Y | K | L | C | S | Y |
| J | H | T | P | H | L | N | E | O | V | H | E | B | Z | A |
| Y | G | B | R | G | C | L | J | N | B | Q | I | J | G | T |
| N | X | Z | B | U | L | R | C | T | K | G | S | W | J | Z |
| K | A | M | G | I | U | V | A | M | V | G | I | K | Z | E |
| P | R | T | T | L | J | Y | P | N | O | F | O | S | I | T |
| Q | Y | S | I | L | F | K | P | Q | O | L | E | L | E | G |
| J | A | S | U | O | W | H | R | S | I | M | G | E | A | G |
| B | P | Y | I | T | N | S | Z | Z | H | F | R | U | L | M |
| U | W | O | X | I | Y | S | R | K | V | H | U | O | T | P |
| Z | X | V | J | N | E | T | T | P | M | A | O | H | F | T |
| O | N | W | G | E | C | I | R | A | E | U | B | D | E | V |
| X | A | O | W | E | X | H | A | E | T | H | R | C | Z | Z |
| Z | F | X | B | U | H | A | V | Y | O | E | V | J | Q | D |

Clues:


1. Ito ang panahon ng pagpasok ng mga bagong kaisipan tulad nila Voltaire, Rosseau at Locke.
2. Tawag sa mga nasa gitnang uri na kalimitan ay mga may-ari ng negosyo
3. Uri ng pamahalaan na pinamumunuan ng isang hari o reyna

ipanood ay magkaroon muna ng kaunting introduksyon tungkol sa "Les Miserables". Basahin ang sanggunian na ito para magkaroon ng idea.

https://www.britannica.com/topic/Les-Miserables-novel-by-Hugo

Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral. Mahalaga na maiugnay ang gawain na ito sa nakaraang talakayan tungkol sa pagpasok ng mga kaisipan.


Inaasahang sagot:



1. Enlightenment
2. Bourgeoisie
3. Monarchy
4. Nation-State
5. Guillotine
6. Bastille

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Isang estado na pinananahanan ng mamamayan na may magkakatulad na wika,kultura,relihiyon at kasaysayan.<br>5. Isang kagamitan na ginagamit parang mabilis na mapatay ang tao sa papagitan ng pagpugot sa ulo nito<br>6. Isang lugar na kung saan nandoon ang mga kagamitang pangmilitar ng mga Pranses. | |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa #1 (Pag-usbong ng mga Bansang-Estado)**<br><br>**Pagproseso ng Pag-unawa (CONCEPT MAPPING)**<br><br>Para mapalalim ang aralin. Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Matapos ay babasahin ng bawat pangkat ang teksto. Batay sa teksto ay ibubuod nila ito sa pamamagitan ng isang "Concept Map".<br><br>*Sa mga pagbabago sa konsepto ng monarkiya, naitatag na rin ang batayan ng mga nation-state sa Europe.Ang nations-state ay tumutukoy sa isang estado na pinananahanan ng mamamayan na may magkakatulad na wika,kultura,relihiyon at kasaysayan.Dahil sa kanilang pagkakahalintulad na kultura,ang mga mamamayan ay isang pagkakaisa ng lahi. Bukod sa pagiging nasyon,isa rin silang estado sapagkat nananahan sila sa isang tiyak na teritoryo at may pamahalaan silang soberania at kasarinlan.Isa silang nagkakaisang lahi na may katapatan sa kanilang bansa.*<br><br>*Mahalagang katangian ng nation state sa panahong ito ang pagkakaroon ng sentralisadong pamahalaan sa ilalim ng isang pambansang monarkiya na may kakayahan at kapangyarihan na magpatupad ng batas sa buong nasasakupan. May bagong institusyon na umusbong bunga ng pagiging nations-state. Isa rito ang pagkakabuo ng mga propesyonal na sundalo na tapat sa hari.*<br><br>*Tungkulin ng hukbo na palawigin ang teritoryo at kapangyarihan ng monarkiya kahit nangangahulugan ito ng digmaan.Nagsimula na rin ang institusyon ng burukrasya sa mga opisyal o kawani na may kasanayan para patakbuhin ang pamahalaan ayon sa kautusan ng monarkiya.Kabilang sa katungkulan ng mga opisyal at kawani ng pangongolekta ng buwis,pagpapatupad ng batas at pagkakaloob ng hustisya.*<br><br>*Dahil sa makapangyarihan ang mga nations state,nagpakita ng ibayong lakas ang Europe.Nabuo sa Europe ang mga bagong institusyong pampulitika,panlipunan at pang ekonomiya.Ang paglakas ng Europe ay nagbigay daan din sa pagpapalawak nito ng impluwensya.Naganap ito sa panghihimasok at pananakop ng mga Europeong nation state sa Asya,America at sa Africa.*<br><br>*Sanggunian* https://www.britannica.com/topic/history-of-Europe/Nation-states-and-dynastic-rivalries | Inaasahan na magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa pagkakaunawa sa teksto. I-scaffold ang mga sagot ng mga mag-aaral para maipunto ang kahalagahan ng pangyayari na ito sa pagkakasibol ng damdaming nasyonalismo.<br><br>Bigyan ng emphasis ang naging role ng mga bourgeoisie sa pag-usbong ng mga nation-states. |




Matapos ay ipapaliwanag ng bawat pangkat ang ginawang concept map. Iproproseso ng guro ang mga sagot ng mga mag-aaral para mapalalim ang talakayan sa pag-usbong ng mga bansang-estado

**IKALAWANG ARAW**
**Pinatnubayang Pagsasanay (FACT OR BLUFF)**

Tutukuyin ng mga mag-aaral kung ang mga sumusunod na pahayag ay totoo (FACT) o hindi (BLUFF). Matapos ay ipapaliwanag kung bakit ito totoo o hindi totoo.

___________1. Ang nations-state ay tumutukoy sa isang estado na pinananahanan ng mamamayan na may magkakatulad na wika,kultura,relihiyon at kasaysayan.

___________2. Mahalagang katangian ng nation state sa panahong ito ang pagkakaroon ng sentralisadong pamahalaan sa ilalim ng isang pambansang monarkiya.

___________3. May bagong institusyon na umusbong bunga ng pagiging nations-state. Isa rito ang pagkakabuo ng mga relihiyon na tapat sa hari.

__________4. Walang nabuong pamahalaan sa panahon ng pag-usbong ng mga "nations state" dahil takot ang monarkiya na mawalan ng kapangyarihan

Sagot
1. FACT
2. FACT
3. BLUFF
4. BLUFF
5. FACT


__________5. Dahil sa makapangyarihan ang mga nations state,nagpakita ng ibayong lakas ang Europe.

**Paglalapat at Pag-uugnay (ENLIGHTENED MONARCH? MAY GANUN?)**

Naipakita na malaki ang naging impluwensya ng Enlightenment sa pagkakabuo ng mga "nation-state" pero sa gawain na ito ay palalimin at iuugnay ang papel ng ilang monarkiya sa paglakas ng Europa at pagsibol ng mga "nation-state". Ipapanood sa klase ang video na nagpapaliwanag sa mga monarkiya na sumuporta sa ideya ng Enlightenment ngunit nanatili pa rin ang kapangyarihang absolutismo.

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=k108xCzJhbs&t=289s

Matapos, gamit ang isang "graphic organizer" ay iproproseso ang mga konsepto na natutunan sa napanood na video.




Magkakaroon ng malayang talakayan kung saan ay iproproseso ng guro ang mga sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga "follow-up questions"


**IKATLONG ARAW**


**Kaugnay na Paksa #2 (French Revolution)**


**Pagproseso ng Pag-unawa (SURI-VIDEO)**

Ngayon ay nalaman natin na malaki ang epekto ng Enlightenment sa pagkakaroon ng bagong perspektibo ng mga monarkiya na naging resulta sa pagkakabuo ng mga tinatawag nating "nation states". Tatalakayin natin ang isang rebolusyon na naging resulta ng Enlightenment sa pamamagitan ng

Inaasahan na magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa pagkakaunawa sa teksto. I-scaffold ang mga sagot ng mga mag-aaral para maipunto ang kahalagahan nito. Gamitin ang inihandang Graphic Organizer para mapalalim ang talakayan.

| | | |
|---|---|---|
| | pagpapanood sa klase ng isang video tungkol sa French Revolution.<br><br>Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=PBn7iWzrKoI&t=62s<br><br>Matapos ay iproproseso ang napanood na video gamit ang isang “graphic organizer”. Magkaroon ng malayang talakayan batay sa mga sagot na binigay ng mga mag-aaral.<br><br><br><br>**Pinatnubayang Pagsusulit (ANO ANG NAUNA?)**<br>Ngayon ay nalaman na ng mga mag-aaral ang dahilan ng pagsiklab ng “French Revolution”. Ang mga mag-aaral ay aayusin ang mga mahahalagang naganap noong French Revolution na nakasulat sa mga Flash Cards | Inaasahan na magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa pagkakaunawa sa teksto. I-scaffold ang mga sagot ng mga mag-aaral para maipunto ang kahalagahan ng pangyayari na ito sa pagkakasibol ng damdaming nasyonalismo. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


<br>
Paglalapat at Pag-uugnay (ANONG NEXT, FRANCE?)<br>
Matapos magkaroon ng kaalaman sa mga dahilan ng French Revolution, Iuugnay naman ito sa naging ambag nito sa pagbabago ng ating kasaysayan sa pamamagitan ng gawain na ito. Ipanood sa klase ang video na ito tungkol sa French Revolution.<br><br>
Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=lTTvKwCylFY&t=2s<br><br>
Matapos ay iproproseso ng buong klase ang napanood na video gamit ang inihandang concept map tungkol sa naging epekto ng French Revolution sa kasaysayan.<br>


</td>
<td>
Sagot:<br>
1. Pagtawag ng Pagpupulong ng Estates General<br>
2. Pagkakatatag ng National Assembly<br>
3. Pagbagsak ng Bastille<br>
4. Pagbitay kay King Louis XVI gamit ang guillotine<br>
5. Reign of Terror<br>
6. Pagtalaga kay Napoleon Bonaparte<br><br>
Inaasahan na magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa pagkakaunawa sa teksto. I-scaffold ang mga sagot ng mga mag-aaral para maipunto ang kahalagahan ng pangyayari na ito sa pagkakasibol ng damdaming nasyonalismo.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Pabaong Pagkatuto (ARAL NG REBOLUSYON)**<br><br>Pakinggan muli ang musika mula sa Les Miserables ngunit ito ay sinalin sa Tagalog at inakma sa kasalukuyang sitwasyon.<br><br>Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=RxbB28ZtPTo<br><br>Matapos ay sasagutin ng tanong na ito: ***"Ano ang aral ng French Revolution sa kabila ng mga kabiguang ito na maiuugnay sa awit?"*** Magkaroon ng pagproseso sa klase batay sa mga kasagutan ng mga mag-aaral.<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto (VIRTUE OF THE REVOLUTION)**<br>Hindi maikakaila malaki ang naging ambag ng French Revolution hindi lamang sa pagpapatibay ng buong Europa kung hindi ay nagsilbi itong inspirasyon sa ibang bansa nais magkamit ng kalayaan.<br>Mag-isip ng mga kaugalian at katangian na nakamit habang pinag-aaralan ang aralin na ito at ibahagi ito sa klase. | Inaasahan na magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa pagkakaunawa sa teksto. I-scaffold ang mga sagot ng mga mag-aaral para maipunto ang kahalagahan ng pangyayari na ito sa pagkakasibol ng damdaming nasyonalismo. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit (WATAWAT NG KALAYAAN)**<br>Kung ang mga Pranses ay pinakita ang kanilang pagtatagumpay sa pamamagitan ng pagpapalit ng kanilang watawat, Mahalaga maunawaan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pangyayari na ito bilang instrumento ng pagbabago hindi lamang politikal pati na rin ng lipunan para sa hinaharap.<br>Ang mga mag-aaral ay kinakailangan bumuo ng isang watawat na sumisimbolo ng kapayapaan, pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran tulad ng watawat ng France.<br>Mamarkahan ng guro ang gawa ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod na pamantayan:<br>**Pagkakabuo at Organisasyon** (Ang mga elemento ng watawat ay dapat maayos na inayos upang mabuo ang isang buong larawan o konsepto.) 20 Puntos<br>**Paggamit ng Mga Simbolismo** (Ang mga simbolismo na ginamit sa watawat ay dapat na may kaugnayan sa tema o mensahe) 10 Puntos | Maari ipakita ang watawat ng Pilipinas bilang halimbawa. Ipaliwanag ang mga kulay at simbolo na nasa watawat para magkaroon ng kaalaman ang mga mag-aaral sa paggawa nito<br><br>Maari rin ito ibigay bilang takdang aralin. |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Malikhain (Dapat nagpapakita ng kakaibang pananaw o interpretasyon sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang mga elemento at pagpapahayag ng personal na saloobin) 10 Puntos<br>KABUUHAN 40 puntos</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro</td></tr>
</table>